


**Abstract**

Kuwarantina Jazz (Quarantine Jazz) portrays the musings of a jazz musician attempting to compose a piece during the 2020 Enhanced Community Quarantine in Luzon. Each instrument, from the drum to the saxophone, reflects an aspect of the quarantine experience.

**Keywords**

Jazz, music, instruments, quarantine, isolation

**English title**

Quarantine Jazz

# KUWARANTINA JAZZ

RANDY Q. VILLANUEVA

Jazz sa kuwarantina
Habang nakabartolina
Sa panahon ng korona
Sa lungkot, ito ang medisina
Sa takot, ito ang bitamina
Sa dugong masagana
Itinuturok ang bakuna
Ng musikang ipinamana
Ng panahong sinauna
Parang gasolina sa makina
Parang sirena kung makahalina
Singkinis ng reyna
Sintigas ng kadena
Simputi ng porselana
Sing-itim ng mina
Ito ang aking opisina
Ang aking dambana
Ang aking doktrina
Jazz sa kuwarantina

Paano ba pinatitibok ang tambol?
Nagpapahid ng alkohol
Ang tapat na apostol
At saka kinokontrol
Ang bawat paghataw at paghatol
Ng mga patpat na nagbubulakbol
Pumapatol, bumubukol
Nagmamaktol, kumakahol
Ang mga pintig na putol-putol
Ang mga kumpas na kumpol-kumpol
Ang mga sabog na sumisibol
Sa balat ko, nagbabasketbol
Sa tenga ko, lumilindol
Sa puso ko, sumisipol
Habang gutom na umuungol
Ang nagmamaktol na sanggol
At si meyor ay imbisibol

Tuwing ayuda ang hinahabol
Itinatago ng patrol sa burol
Ipinagtatanggol ng mga kubol ng kuhol
Sa kamag-anak lang nakaukol
Ulol, sana ol
Paano ba pinatitibok ang tambol?

Jazz sa kuwarantina
Jazz sa kuwarantina

Paano ba tinitipa ang piyano?
Pakinggan ang banal na himno
Ng mga daliring beterano
Halinghing ng mga notang pinong-pino
Laro ng malilikot na mga tono
Tinig ng langit at impiyerno
Galing sa Amerikano
Puwede rin sa Pilipino
Musikang walang sinisino
Maputi man o moreno
Pagano man o Kristiyano
Matanda man o moderno
Mangmang man o matalino
'Matik man o mano-mano
Habang nakakubli sa anino
Dugo ang inaabono
Kaluluwa ang inaayuno
Dinudurog sa molino
Ginagahasa sa trono ng padrino
Di umano ay ibinenta na sa Tsino
Kanino, sino-sino, paano?
At higit sa lahat, magkano?
Ano, sisingilin na ba ang gobyerno?
Paano ba tinitipa ang piyano?

Jazz sa kuwarantina
Jazz sa kuwarantina

Paano ba ang baho binubuhay?
Paano magiging dalisay
Ang mga notang taglay?
Ilagay ang instrumento sa kamay
Dapat alalay lang sa pagsalakay
Ng arko sa tangkay
Puwedeng matiwasay pero di matamlay
Puwedeng mahalay pero di bumibigay
At higit sa lahat, 'wag pasaway
Huwag tulad ng mga tambay
Maingay na tumatagay
Habang naghihintay ng bigay
Mataray at may sungay
Kapag sinasaway ng bantay
Hindi na lang manatili sa bahay
Sabagay, kung walang hanapbuhay
At walang dala ang barangay
Ikaw din ay maglalakbay sa tulay
Habang bunso'y tulog sa alampay
Na nakasampay sa leeg ng inay
Na akay-akay naman ng itay
Sabay kumakaway, tuyo na ang laway
Humihingi ng kaunting tinapay
Paano ba ang baho binubuhay?

Jazz sa kuwarantina
Jazz sa kuwarantina

Paano ba ang trombone nagiging astig?
Paano ang mga nota magiging makisig
Kung hindi makapiling ang iniibig
At tanging mga kuliglig
Lamang ang natitirang himig
Na ngayo'y naririnig
Sa mga gabing naliligalig
Sa pinakamalamig na banig
Sa buong daigdig?

Walang balat na amoy pinipig
Walang mga lamang nanginginig
Wala mang mga daliring kumakahig
Walang pagtulak at pagkabig
Ng mga katawang yumayanig
At nagpapahiwatig ng mga nasa at hilig
Ngayon, ang lumbay ay nanlulupig
Ngayon, ang hapdi ay nang-uusig
Ngayon, ang pangungulila ay nananaig
Sa pusong walang karatig
Walang lakas para tumindig
Walang inspirasyon, walang sigasig
Habang nakatitig sa tubig
Kailan mapapalibutan ng mga bisig?
Kailan mahahalikan ang bibig?
Paano ba ang trombone nagiging astig?

Jazz sa kuwarantina
Jazz sa kuwarantina

Paano ba kinakalabit ang gitara?
Una, sindihan ang gasera
At buhayin ang lampara
Ang bawat pitas ay pagbira
Ang bawat kuwerdas ay pagtira
Na minumura at binubura
Ang maskara at estruktura
Ang basura sa kultura
Ang kabisera ng diktatura
At ang kanyang gera
Kung saan inilaan ang pera
(Ang natira!)
Sa baril at hindi sa doktora
Habang dugo ang pintura
Na ipinansulat sa mga letra
Ng mga pangalan ng kumokontra
Na kailangang ipasara

Ito ang obra ng poong palamara
Paano ba kinakalabit ang gitara?

Jazz sa kuwarantina
Jazz sa kuwarantina

Paano ba ang saxophone pinaiiyak?
Paslangin mo ang anak
Tumawag ka ng parak na manyak
'Yung kapag may alak ay tinotopak
Habang nakayapak ay lakasan ang hatak
Habang nasisindak ay higpitan ang hawak
Durugin ang utak ng balang pilak
Hayaang bumulwak, dumanak
Sumabog ang masaganang ebak
Sabihin mo bumabatak, nagtutulak
Talamak kaya napahamak
Isakay sa de-padyak
Dalhin sa malawak na lambak
Habang dugo'y pumapatak
At tumatatak sa daang tinatahak
Ibagsak kung saan naiimbak
Ang sangkatutak na mga bangkay na wasak
At mga kalansay na biyak-biyak
Itong hardin ng mapulang mga bulaklak
Kung saan tumutubo ang mga tibak
At nagkakapakpak ang mga winarak
Paano ba ang saxophone pinaiiyak?

Jazz sa kuwarantina
Jazz sa kuwarantina

Jazz sa kuwarantina
Habang nakabartolina
Sa panahon ng korona
Sa lungkot, ito ang medisina
Sa takot, ito ang bitamina

Sa dugong masagana
Itinuturok ang bakuna
Ng musikang ipinamana
Ng panahong sinauna
Parang gasolina sa makina
Parang sirena kung makahalina
Singkinis ng reyna
Sintigas ng kadena
Simputi ng porselana
Sing-itim ng mina
Ito ang aking opisina
Ang aking dambana
Ang aking doktrina
Jazz sa kuwarantina